| TAñADA BILL 1580 | KIKO BILL 2587 |
|---|---|
| **Pormang Pormulasyon** | |
| Produkto ang Tañada Bill ng UP-Wide Democratization Movement, isang malawakang asembliyang binubuo ng mga kaguruan at estudyante mula sa buong UP System, upang gawing demokratiko ang implementasyon at pormulasyon ng mga patakaran sa Unibersidad at kanyang nasasakupan. | Pinagsama-samang bersyon ng mga SB nina Senador Pangilinan, Manuel Villar, Edgardo Angara, Sergio Osmena III, at Franklin Drilon ang SB 2587.<br><br>Ipinagpatuloy lang di umano ng kasalukuyang Pangulo ng UP na si Francisco Nemenzo noong 1999 ang sinimulan ng mga dating Pangulo ng UP na sina Jose Abueva at Emil Javier ang pagpapalit ng UP Charter. Ang SB 2587 ang bunga ng mga bersyon na kanilang pinanukala. |
| **Kinakatawan** | |
| Sa Tañada Bill, iminungkahing palitan ng USA ang Board of Regents (BOR). Binubuo ito ng kaguruan, estudyante, non-academic personnel, at research, extension at professional staff (REPS) mula sa bawat kampus ng UP, na siyang ipinapanukalang hahawak sa administrasyon ng Unibersidad. | Nakasaad sa SB 2587 ang pagtalaga sa Staff Regent, na kakatawan sa REPS at administrative personnel ng Unibersidad sa BOR. Ihahalal siya ng mga mismong REPS at administrative personnel at magsisilbi ng dalawang taon. |
| Mayroon namang University Assembly sa bawat UP yunit, kung saan ang bawat miyembro ay maihahalal sa pamamagitan ng proportional representation, isang sistema ng eleksyon kung saan ang bilang ng upuan para sa delegado ng bawat sektor ay proporsyonal sa kabuuang numero ng kanilang mga miyembro. Ang Student Council ay isinama rin sa pormal na istruktura ng Unibersidad bilang tagapaglikom ng malawakang partisipasyon mula sa mga estudyante. | Sa SB 2587, ang BOR ay bubuuin ng tagapangulo ng Commission on Higher Education, Pangulo ng UP, tagapangulo ng Kumite ng Senado para sa Edukasyon, Arte at Kultura, tagapangulo ng Kumite ng Kongreso para sa Mataas at Teknikal na Edukasyon, Pangulo ng UP Alumni Association, limang appointees mula sa Malacañang, at tig-iisang kinatawan mula sa kaguruan, estudyante, at REPS. |
| Subalit, isang dahilan kung bakit hindi naipasa ang SB 1580 ay ang problema sa lohistika na maaaring ibunga ng malaking asembliya. Dahil sa dami ng kasapi nito, mahirap silang tipunin at malaki ang posibilidad na magkaroon ng seryosong bangayan sa iba't-ibang sektor sa asembliya. Maaaring itong dumulog sa maluwat na paghain at pagpapatupad ng mga polisiya. Magastos din ang pagpapanatili ng mga opisina ng mga delegado ng asembliya. | Ang ganitong numero ng representante mula sa mga sektor ng UP ay hindi umano nahihinggil sa malaking numero ng kasapi sa bawat sektor. Sa gayon, hindi sapat ang ipinapanukalang representasyon ng mga nabanggit na sektor sa BOR. |
| **Bagong Sahod** | |
| Binibigyan ng kapangyarihan ang USA na magtalaga ng mga propesor at empleyado ng Unibersidad, at magtakda ng kanilang kompensasyon at oras ng serbisyo. Sa ganitong dako, hindi maipapaloob ang mga empleyado ng UP sa Salary Standardization Law (SSL), kung saan binabase ang mga sahod nila ayon sa tinatanggap ng iba pang kawani ng gobyerno. | Maaaring gumawa ng compensation plan ang BOR para sa mga kaguruan at empleyado ng Unibersidad, kung kaya, tulad ng sa SB 1580, hindi na maipapaloob ang mga empleyado ng UP sa SSL. |
| Liban dito, maari rin itong magtanggal ng mga empleyado ng Unibersidad pagkatapos ng ilang panukala at imbestigasyon. | Subalit, hindi naman nabanggit sa SB 2587 ang anumang polisiya na nagsasabing maaring tanggalin ng UP constituents ang mga empleyado ng Unibersidad. |
| **Paglikas ng Yaman** | |
| Walang nasabi sa Tañada Bill kung ano ang gagawin sa mga lupa ng UP at sa kakulangan sa pondo. Liban sa pagpapahintulot sa USA na sumuporta, pamalagiin, at palawakin ang Unibersidad, walang nasabi sa Tañada Bill | Binibigyang kapangyarihan ng SB 2587 ang BOR na magplano ng "joint ventures," at ibenta at ipahiram sa mga korporasyon ang ilan sa 25,000 hektarya na idle lands at intelektwal na yaman ng Unibersidad. Bukod dito, maaaring ikasundo ng BOR |

| | |
|---|---|
| kung papaano gagamitin ang lupa ng UP at pupunan ang kakulangan sa pondo. | ang UP sa sekuritisasyon, kung saan ang pag-aari ng Unibersidad ay ipapasok sa stock market. Ito, umano, ay magsisilbing mekanismo upang mapunan ang kaunting budget na ipinagkakaloob ng gobyerno sa UP. Ang gayong kapangyarihan ng BOR ay kinatatakutang magdadala sa Unibersidad sa kontrol ng mga banyagang korporasyon na magagawang makialam sa kurikulum; samantala, pinahihintulutan din ng SB 2587 ang BOR na magtakda ng matrikula at iba pang bayarin ng mga estudyante – mga senyas ng komersyalisadong edukasyon. |
| Sa gayon, pinapanatili ng panukala ang patuloy na pag-subsidiya at pag-suporta ng pamahalaan sa UP bilang pamantasan ng estado. | Ang “fiscal autonomy” ng UP ay siyang maniniguro na ang anumang kinita nito ay gagamitin lamang sa mga proyekto ng Unibersidad. Gayunman, ikinakatakot na ang piskal na autonomiya ng Unibersidad ay hahantong sa “state abandonment,” ang posibilidad na tuluyan ng talikuran ng gobyerno ang responsibilidad nito na paglaanan ng pondo ang UP. |